Mga Madalas Itanong (FAQ)

# Beke

## 1. Ano ang beke?

Ang beke ay isang nakakahawang sakit (kumakalat sa ibang tao) na dulot ng virus (mikrobyo). Ito ay pinakakilala dahil nagdudulot ng pamimintog ng pisngi at malambot na masakit, namamagang panga (parotitis), ngunit maaaring magdulot ng karagdagang mga komplikasyon sa mga matatanda. **Ang pagpapabakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang mapigilan ang beke.**

## 2. Ano ang mga sintomas ng beke?

Ang mga sintomas ay karaniwang nangyayari sa ika 16-18 araw pagkatapos ng impeksyon. Ang mga sintomas na ito ay maaaring tumagal ng hanggang 10 araw. Ang ilang mga tao na nagkakaroon ng beke ay may banayad o walang mga sintomas man lang. Ang pinaka-pangkaraniwang sintomas ay ang pamimintog ng pisngi at pamamaga na mga glandula sa ibaba ng tainga at sa paligid ng panga. Ang iba pang mga sintomas ay kinabibilangan ng:

- Lagnat
- Sakit ng ulo
- Mga pananakit ng kalamnan
- Pagkapagod
- Pagkawala ng gana sa pagkain
- Pamamaga ng glandula sa ibaba ng tainga

Sa ilang mga kaso, ang mga kababaihan ay maaaring magkaroon ng nag-iinit na pamumula (pamamaga) ng obaryo o suso at ang mga lalaki ay maaaring makaranas ng pamamaga ng bayag (orchitis). Ang pamamagang ito ay maaaring maging sanhi ng pagkabaog. Ang beke ay maaari ring magdulot ng pamamaga ng utak (encephalitis), pamamaga ng tisyu na bumabalot sa utak at gulugod [spinal cord (meningitis)], pagkabingi (pansamantala o permanente). Kontakin kaagad ang isang doktor kung sa palagay mo ay maaaring mayroon kang beke.

## 3. Paano kumakalat ang beke?

Ang virus ay kumakalat sa pamamagitan ng laway o uhog mula sa bibig, ilong, o lalamunan. Maaari itong maikalat kapag:

- Umuubo, bumabahin, o nakikipag-usap
- Naghihiraman ng mga bagay na maaaring may laway sa mga ito tulad ng mga kagamitan sa pagkain o bote ng tubig
- Nakikilahok sa mga aktibidad na may malapitang pakikisalamuha sa iba tulad ng palakasan o pakikipaghalikan


Ang taong may impeksyon ay maaaring maikalat ang sakit ilang araw bago magsimulang mamaga ang kanilang mga glandula ng laway at hanggang limang araw pagkatapos magsimula ang pamamaga.

## 4. Paano ginagamot ang beke?

Walang gamot sa beke. Ang inirerekomendang lunas ay pagpapahinga sa kama, pag-inom ng mga likido at gamot para mabawasan ang lagnat. Ang beke ay karaniwang nawawala ilang linggo pagkatapos ng impeksyon. Sa mga matatanda, ang beke ay maaaring maging sobrang malubha. Kung sa tingin mo ikaw ay may beke, kumontak kaagad sa doktor. Lumayo sa ibang indibidwal o malalaking grupo sa mga lugar tulad ng paaralan, pinag-aalagaan ng mga bata sa araw (daycare), at pinaghihintayang mga kwarto, bago makipag-usap sa iyong doktor.

## 5. Paano mapipigilan ang beke?

Ang pinakamabuting paraan para mapigilan ang beke ay ang pagpapabakuna. Ang mga bakuna sa MMR (tigdas [measles], beke [mumps], rubella) at MMRV (tigdas [measles], beke [mumps], rubella at varicella) ay ligtas at epektibo. Ang sinumang hindi pa nabakunahan o nagkaroon na ng sakit, ay dapat makakuha ng dalawang dosis ng bakuna na naglalaman ng mga beke, tulad ng MMR o MMRV. Dapat makuha ng mga bata ang kanilang unang dosis sa edad na 12 buwan at pangalawang dosis sa edad na 4–6 taong gulang.



### Mga Pangunahing Puntos:

- Ang beke ay isang nakakahawang sakit na dulot ng virus.
- Ang beke ay nagdudulot ng pamimintog ng pisngi at pamamaga ng mga glandula sa ibaba ng mga tainga at sa paligid ng panga.
- Ang pagbabakuna ang pinakamabuting paraan upang mapigilann ang pagkakaroon o pagkakalat ng beke.

### Mga Mungkahi sa Pagpigil:

- Magpabakuna
- Kontakin ang iyong doktor kung sa palagay mo ay mayroon kang beke o nakisalamuha sa isang taong may beke.
- Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.
- Takpan ang iyong ubo at pagbahin